

Natigil siya sa pag-iisip nang biglang magkaroon ng komosyon sa di-kalayuan.

“Oh, my God! Ano ba ito?” Kaagad na napatayo sa kinauupuan si Angeliqye at hindi malaman kung saan susuling dahil palapit na sa gawi niya ang anim na lalaking nagkakarambola.

Isa laban sa lima. Pero sa malas ay hindi kayang talunin ng mga kalaban ang matangkad na lalaking nakasuot ng puting t-shirt at itim na pantalon. Naka-baseball cap ito at may shades.

Suntok dito, suntok doon. Sipa rito at sipa roon ang pinakawalan ng naturang lalaki. Pag-igkas ng paa ay siguradong sapul sa mukha o katawan ang kalaban na sumusugod. Halatang bihasa ito sa pakikipaglaban.

Kalaunan ay hindi na makagulapay ang mga kalaban nito na duguan na ang mga mukha samantalang ito ay wala man lang yatang galos sa katawan.

“What? Sige pa, sugod pa!” nakangising hamon ng estranghero sa limang kalaban. Nakadapa na sa semento ang apat habang ang isa ay pinupunasan ang dugong umaagos sa ilong nito gamit ang likod ng kamay.

“Hayop ka! Hindi ka kaya sa manu-mano, ha? Puwes, daanin na lang natin sa bala!” gigil na angil ng isa na mahilu-hilo pa habang pilit na tumatayo.

Bahagyang natigilan ang lalaki, kasunod niyon ay nanlaki

ang mga mata nito nang masulyapan ang baril na kinuha ng kalaban sa baywang at itinutok dito.

Natigilan ang mga tao na kanina pa ay nag-uusyoso sa live na bakbakan.

“Takbo kayo! Barilan na ’yan!” sigaw ng isang babae.

Tila naman lalong hindi nakaalis sa kinatatayuan si Angeline na hindi sanay na makakita ng karahasan. Basta nanatili lang siyang nakatayo habang ang mga tao ay nagpulasan na palayo sa lugar na iyon.

“Patay ka ngayon!”

“Wag, Pare! Kailangan natin siya nang buhay.”

“Ulol! Iyon ang akala n’yo!” Umigkas ang paa ng lalaking naka-shades, sabay sipa sa kamay ng kalaban na may hawak na baril.

Bumagsak sa malayong bahagi ng resort ang sandata. Isa pang flying kick ang pinakawakan ng lalaki, sapul sa mukha ang kalaban na may hawak na baril kanina.

Habang akmang babangon na rin ang isa pa na nawala na ang pagkahilo. May inaabot ito sa likuran na marahil ay baril din.

“Aba, hindi na ’yan tama. Masyado na kayong madaya n’yan, ah!” tatawa-tawang sabi ng lalaking naka-t-shirt na bahagyang umatras saka sinabayan ng baling sa kabilang direksyon upang

tumakbo.

Pero iyon ang pagkakamaling ginawa nito. Dahil napagawi na ito sa kinatatayuan ni Angelique at tila pa rin estatwang nakatayo. At nang bumaling para tumakbo ay eksaktong nagkabangga ang mga katawan nila.

“Aray!” Impit na napatili ang dalaga sa pagtama sa kanya ng malakas na puwersa ng katawan ng estranghero.

Hindi nagawang saluhin ng lalaki ang pabagsak na katawan ni Angelique dahil nawalan ito ng panimbang. Nadaganan siya nito. Di-sinasadyang naglapat ang mga labi nila.

Nanlaki ang kanyang mga mata nang maramdaman ang mainit na bagay na iyon na lumapat sa kanyang bibig. Lalo na nang maramdaman niya ang bahagyang kirot dahil nalupagi ang kanyang dibdib sa dibdib ng lalaking nakadagan sa kanya.

And worse, may naramdaman pa siyang ibang bahagi ng katawan nito na dumikit sa mas delikadong bahagi ng kanyang katawan.

“Are you okay?” Alanganin ang ngiting mabilis na naitukod ng lalaki ang mga palad sa semento upang ilayo ang katawan sa kanya. Pagkuwa’y inilahad nito ang kamay sa kanya para alalayan siyang makatayo.

Tinanggap iyon ni Angelique na pulang-pula ang mukha.

Nang eksaktong nakatayo na siya ay isang napakalutong na

sampal sa mukha ang ibinigay niya sa lalaki.

“Bastos!” bulyaw niya sa mukha nito.

Gulat na napatitig ito sa kanya, tila saglit na nalito.

Susundan pa sana ni Angelique ang sampal na iyon, pero nahagip ng kanyang paningin ang isa sa mga kalaban nito na nakabangon na uli at ngayon ay pasugod habang hawak ang patalim na nakahandang iunday sa likod ng kaharap niyang lalaki.

“S-sa likod mo!” nulas sa mga labi niya.

“Oh, shit!” anang lalaki, sabay lingon at igkas ng kamao at paa.

Sapul sa panga at sikmura ang kalaban nito at humagis sa malayo ang hawak na patalim.

Nanatili namang nakatigagal si Angelique, hindi na malaman kung paano magre-react.

Biglang rumepeke ang silbato ng dalawang pulis na natawag ng isang tinderero ng sigarilyo. Kasunod niyon ay may umugong pang sirena ng mobile patrol car.

“Let’s go!” Biglang hinawakan ng lalaki ang kamay niya, sabay hila sa kanya patakbo.

“T-teka, s-saan mo ako—”

“Bilisan mo! Aabutan ako ng mga kalaban ko!” asik nito na

hindi na binitawan ang kamay niya.

Habang patuloy sa pagsilbato ang dalawang pulis, sige naman sa paghuni ang sirena ng patrol car.

Lalo tuloy nataranta si Angelique at napasunod na rin sa pagtakbo ng lalaking nakahawak pa rin sa kamay niya. Saglit siyang lumingon kaya nakita niyang humahabol naman sa kanila ang apat na nakalaban ng lalaki.

“H-hinahabol nila tayo!” kandabulol na angil niya rito.

“Kaya nga bilisan mo!”

Sinagasaan nito ang mga kasalubong na tao.

“S-sandali lang!” hinihingal na sigaw niya na napilitang sabayan ang bilis ng takbo nito kahit nababangga na siya sa ilang kasalubong.

Pero parang wala itong narinig. Lalo pa nitong hinigpitan ang pagkahawak ng kamay niya.

*Oh, my God! Ano ba ito?*

Hindi na malaman ng dalaga ang gagawin. Natatakot siya sa sitwasyong kinasusuungan.